

Impormasyon

1. School Calendar – Bawa't paaralan ay naghahanda at nagpapadala ng kalendaryo sa bahay ng mga pamilya. Ito ay tungkol sa panlalawigang bakasyon at mga araw na walang pasok. Kung ang inyong anak ay dumadalo sa iba't-ibang paralan, siguraduhin na suriin ang kalendaryo na pinapadala sa bahay ng mga pamilya sa tuwing katapusan ng pasukan. Maari ding kumuha ng kopya sa opisina ng paaralan o sa website nito.
2. Newsletters – Ang mga paaralan ay palaging nagpapadala ng newsletters. Sa halip na magpadala ng kopya sa papel, maaring pinopost sa website o pinapadala ito sa email adress na inyong binibigay.

Opsyonal

Accident Insurance – Ang mga mag-aaral ay nakata-tanggap ng impormasyon tungkol sa pagbibili ng karagdagang accident insurance. Kung gusto ito ng magulang, kumpletuhin lang ang forms at ipadala direktso sa kumpanya ng insurance.



“Forms you may see in September- Secondary”

[Filipino]

Ang brosyur na ito ay isa sa mga serye na inisponsoran ng programang VSB SWIS at ang pinagsamang gawain ng mga ESL na guro at ng grupong VSB MCLW.



Ang programang ito ay ginawang posible sa pamamagitan ng pondo galing sa Gobyerno ng Canada at ng Probinsiya ng British Columbia.

Mga Forms na maari ninyong makita sa Septiyembre




Mataas na Paaralan (Secondary)

Mga forms na kailangan pirmahan at ibalik sa paaralan:

Lahat ng paaralan ay nagpapadala ng forms at impormasyon sa mga magulang sa buong taon ng pasukan. Marami sa mga forms ay pinapadala sa Septyembre, umpisa ng pasukan. May mga forms na kailangan pirmahan at ibalik sa paaralan (kung gusto niyo ang serbisyo). May ibang forms din na kailangan ng pirma at bayad. Ang mga impormasyon na ito ay ipapadala sa inyo para basahin.

Kung nahihirapan kayong intindihin ang impormasyon na pinapadala sa inyo, makipag-usap sa Multicultural Worker, Settlement Worker, o kahit sino mang marunong magsalita sa inyong wika o nagbabasa ng Ingles.

Ilan sa madalas gamitin na forms sa taon ng pasukan ay ang sumusunod:



1. Student Information Verification Form – Itong form ay nagbibigay ng pangunahing impormasyon tungkol sa mag-aaral. Kailangan siguraduhin ng magulang na ang impormasyon ay wasto at kinakailangang iwasto kung may kamalian.
2. Media Consent Form – Itong form ay humihingi ng permiso sa magulang para payagan ang paaralan na kumuha, magtago at gumamit ng litrato, video o pangalan para sa layunin ng distrito ng paaralan. Ito ay maari ding ibahagi sa media (halimbawa: radio) para sa mga kaganapan na may kinalaman sa paaralan.
3. Emergency Contact Form – Itong form ay humihingi ng mga pangunahing impormasyon tungkol sa mag-aaral at pamilya at kung sino ang maaring tawagan kapag hindi mahagilap ang magulang.
4. Computer User Agreement – Maraming paaralan ang gumagamit ng internet sa pag-tuturo ng mag-aaral at mayroong mga alituntunin sa pagamit nito.

Mga forms na kailangan pirmahan at ibalik na may kasamang bayad:

- Pinipirmahan ng mga magulang ng mag-aaral ang form na ito pampatunay na naintindihan nila ang mga alituntunin na ito.
5. Giving Medicine at School – May mga mag-aaral na kailangan ng resetang gamot habang nasa paaralan. Ang pagpirma ng form na ito ay nangangahulugan na binibigyan ng magulang ang tauhan ng paaralan ng pahintulot na magbigay ng resetang gamot na inyong pinapadala sa inyong anak.
 6. Field Trip/Study Form – Ang fieldtrips at pag-aaral sa mga lugar na malayo sa paaralan ay mahalagang bahagi ng pag-aaral. Ang inyong pirma ay nangangahulugan na ang inyong anak ay maaring sumali sa gawaing ito. Minsan, nangangailangan ito ng bayad.
 7. “GoCard”/Student Bus Fare – Itong form ay tumutulong sa mga mag-aaral ng mataas na paaralan (secondary) para makakuha ng mas murang pasahe sa mga bus.
1. School Photos – Kinukuha ito taon-taon at nag mga magulang ay maaring bumili para sa sariling gamit.
 2. Supplies/Activity Fees – Humihingi ang mga paaralan ng pera para sa mga gawain, gamit, kandado para sa locker, yearbooks at iba pa at ang halaga ay nag-iiba-iba.
 3. Student Agendas/ Planners – Inaasahan ng karamihan ng paaralan na ang mga mag-aaral ay bumili at gumamit ng school agenda. Basahin ang brosyur na may titulong **“School Agendas/Planners”**.
 4. School Lunch Programs – Ang mga pinirmahan na forms at perang tinatanggap ng paaralan ay nagpapatunay na ang mag-aaral ay lumalahok sa programang ito sa bawat buwan. (Hindi kailangang pumirma para sa buong taon).